

Apple Health Expansion Agosto 2024 pulong ng feedback ng komunidad

Mga Karaniwang Tanong

Panoorin ang **naka-record na webinar** o tignan **ang presentation slide** (na available sa **9 na wika**).

Background

Noong Agosto 26, 2024, nag-host ang Health Care Authority (HCA) ng isang pulong ng feedback ng komunidad upang mangalap ng input sa panandaliang patakaran sa pamamahala ng pagpapatala para sa Apple Health Expansion. Nasa ibaba ang mga tanong at sagot na itinampok sa pulong ng feedback ng komunidad.

Upang manatiling may kaalaman tungkol sa mga update ng pagpapatala sa Apple Health Expansion, tignan ang **anunsyo ng pagpapatala**.

Ang pangalawang opsyon ba sa slide deckay limitado sa kita at katayuan sa imigrasyon para sa mga indibidwal?

Upang maging karapat-dapat para sa Apple Health Expansion, anuman ang napiling opsyon, dapat matugunan ng isang indibidwal ang mga kinakailangan sa kita at imigrasyon kasama ang lahat ng iba pang salik sa pagiging kwalipikado. Sumangguni sa **presentation slide deck** upang tingnan ang opsyon na dalawa.

Kung hindi nagpatala ang isang indibidwal para sa qualified health plan (QHP), magiging karapat-dapat pa rin ba sila para sa Apple Health Expansion?

Oo, ang isang indibidwal ay magiging karapat-dapat pa rin para sa Apple Health Expansion kahit na hindi sila nagpatala para sa isang QHP dahil ang pagiging kwalipikado para sa programa ay hindi nakadepende sa kanilang pagpapatala sa isang QHP plan. Ang mga taong nag-a-apply para sa Apple Health Expansion at tinanggihan dahil sa limitasyon sa pagpapatala ay maaaring pumili na bumili ng Cascade Care QHP plan.

Maaari pa rin bang mag-apply ang mga indibidwal para sa Apple Health Expansion kahit naabot na ang limitasyon sa pagpapatala?

Oo. Hinihikayat namin ang mga indibidwal na mag-apply pa rin para sa Apple Health Expansion kahit na naabot na ang limitasyon sa pagpapatala. Ang mga indibidwal na tinanggihan dahil sa limitasyon sa pagpapatala ay magiging bahagi ng mga aplikasyon na random na pipiliin kapag nagkaroon ng puwesto sa loob ng programa.

Kahit na naabot ng Apple Health Expansion ang limitasyon sa pagpapatala, mayroon pa ring mga opsyon para sa mga indibidwal na mag-aplay para sa coverage sa kalusugan! Tingnan ang mga opsyon sa **hca.wa.gov/apple-health-non-citizens**.

Ilan ang tao na kasalukuyang nasasaklaw ng Apple Health Expansion at ilan ang naka-enroll sa bawat county?

Tingnan ang **dashboard ng pagiging kwalipikado ng kliyente ng Apple Health** na sumasaklaw sa data ng pagpapatala para sa Apple Health Expansion at lahat ng iba pang programa ng Apple Health.

Gaano kahaba ang kasalukuyang waitlist?

Walang kasalukuyang waitlist para sa Apple Health Expansion dahil nag-e-explore pa rin kami ng mga opsyon para sa isang long-term IT based waitlist.

Ilang tao ang tinanggihan dahil sa limitasyon sa pagpapatala?

Noong Agosto 29, 2024, 6,857 indibidwal ang tinanggihan ng saklaw ng Apple Health Expansion dahil sa limitasyon sa pagpapatala para sa Modified Adjusted Gross Income (MAGI) at Classic na populasyon.

Ilang aplikante ang tinanggihan na may kagustuhan sa wika maliban sa English o Spanish?

Noong Agosto 29, 2024, 360 na aplikante na nag-indicate ng wika maliban sa English o Kastila ay tinanggihan dahil sa limitasyon sa pagpapatala. **Tandaan:** Dahil sa ilang wikang nagpapakita ng wala pang 10 indibidwal, hindi namin inililista ang mga wika upang protektahan ang privacy ng kliyente.

Mayroon bang timeline para sa paglipat mula sa panandaliang diskarte sa pamamahala ng pagpapatala sa IT waitlist?

Walang kasalukuyang timeline para sa pagkuha ng isang nakabase sa IT na waitlist. Sinusuri ng HCA at mga ahensyang ka-partner ang mga opsyon upang matukoy ang aming pinakamabuting solusyon para sa isang waitlist na nakabatay sa IT.

Gaano kadalas nangyayari ang random na pagpili sa kasalukuyang patakaran sa panandaliang pagpapatala?

Tinutukoy pa rin namin ang dalas ng random na pagpili para sa panandaliang patakaran sa pagpapatala. Ang random na pagpili ay nakasalalay sa dalas ng pagkakaroon ng spot at ng magagamit na mga pondo. Mahalagang tandaan na limitado ang badyet ng programa ng HCA.

Ang limitadong pagpapatala ay inilalagay upang matiyak na ang badyet para sa Apple Health Expansion ay hindi labis na nagastos. Susuriin ng HCA ang mga gastos ng programa buwan-buwan upang matukoy kung kailan namin mabubuksan ang pagpapatala.